

# PAGPAPANATILING *MALUSOG* NG IYONG TAHANAN AT PAMILYA

Bawasan ang pagkalantad mo sa

## MGA PANG-APULA NG APOY

DEPARTMENT OF ECOLOGY
State of Washington

Publikasyon: 21-04-026TL

Para humiling ng akomodasyon ng Batas para sa Mga Amerikang may Kapansanan (Americans with Disabilities o ADA), makipag-ugnayan sa Ecology sa pamamagitan ng pagtawag sa 360-407-6700 o mag-email sa hwtrpubs@ecy.wa.gov. Para sa Washington Relay Service o TTY tumawag sa 711 o 877-833-6341.

# SAAN GINAGAMIT ANG MGA ITO *AT BAKIT?*

Ginagamit ng mga manufacturer ang mga kemikal na pang-apula ng apoy para matugunan ang mga pamantayan sa pagiging madaling masunog ng mga ibinebentang produkto. Pinapabagal ng mga kemikal na ito ang pagkalat ng apoy kapag nagkaroon ng sunog. Matatagpuan ang mga ito sa mga produkto gaya ng:




**Mga elektroniko**



**Mga upuan ng sasakyan**



**Mga tent**



**Insulasyon ng gusali**




**Foam**



**Lumang na-upholster na muwebles**

# ANO ANG *MGA PANG-APULA NG APOY?*

***Ang mga kemikal na pang-apula ng apoy ay ginagamit para matugunan ang mga pamantayan sa kaligtasan, pero naunawaan na ngayon ng mga scientist ang mga epekto sa kalusugan at kapaligiran ng ilan sa mga kemikal na ito. Matatagpuan sila sa buong kapaligiran ng Washington.***



**Naiipon at namumuo sa loob ng katawan**

*ang ilang pang-apula ng apoy, na nakakapinsala sa mga nilalang na nasa itaas na food chain.*

*Dahil sa mga pagbabago sa regulasyon,* **hindi na kinakailangan** *o ginagamit sa ilang partikular na produkto ang mga pang-apula ng apoy.*






*Hindi pare-pareho ang lahat ng pang-apula ng apoy,* **iilan lamang ang nakakabahala** *para sa ating kalusugan.*

*Mababawasan ang iyong pagkalantad sa pamamagitan ng* **pagsasagawa ng ilang hakbang para sa pag-iingat.**



[1] Dapat ipahayag ng mga label na "WALANG idinagdag na kemikal na pang-apula ng apoy sa produktong ito."
[2] Hanapin ang mga tagahanap ng produkto na ito: tcocertified.com/product-finder o epeat.net
[3] Subukan ang HomeFree para sa isang listahan: homefree.healthybuilding.net/products

# PAANO AKO ***MALALANTAD?***

Habang ginagamit mo ang ilang partikular na produkto, kumakalat sa alikabok at hangin ang mga pang-apula ng apoy. Ang pagkalanghap at pagkalunok ng kontaminadong alikabok ang pinakamadalas na paraan kung paano nangyayari ang pagkalantad sa mga nakakalasong kemikal na ito. Pagkatapos labhan ang mga damit, napupunta sa kapaligiran ang mga pang-apula ng apoy, kung saan maaaring malantad ang mga hayop matapos maalis ang mga pang-apula ng apoy sa iyong tahanan.


*Mga pangkaraniwang landas ng pagkalantad:*



Pagkonsumo sa kontaminadong alikabok

***O***

Pagkalanghap ng kontaminadong alikabok





[4] ecology.wa.gov/PBDE
[5] https://foam.pratt.duke.edu/sites/foam.pratt.duke.edu/files/u32/Foam%20fact%20sheet_10-29-19.pdf

## PAANO ***AKO*** MAAAPEKTUHAN NG MGA ITO?



**Pinsala sa pag-unlad ng utak**

**Depekto sa kakayahang magkaanak**





**Lason sa pag-unlad o paglaki**

**Lason sa atay**






**Nagdudulot ng kanser**

# ANO ANG PUWEDE KONG GAWIN PARA ***MAIWASAN ANG PAGKALANTAD?***

Narito ang ilang paraan na puwede mong gawin para mabawasan ang banta ng mga pang-apula ng apoy sa iyong tahanan:




**Bumili ng mga produktong walang pang-apula ng apoy.**

- Basahin ang label sa pagiging madaling masunog kapag bumibili ng mga na-upholster na produkto.[1]
- Kapag panahon na para bumili ka ng bagong laptop o tablet, humanap ng mga mas ligtas na elektroniko.[2]
- Humanap ng mga mas ligtas na produkto para sa pagpapatayo at pagpapanatili.[3]

**Bawasan ang pagkalantad sa pamamagitan ng ilang gawain sa loob ng tahanan.**

Naiipon ang mga pang-apula ng apoy sa alikabok ng bahay. Madalas na mag-vacuum at tanggalin ang alikabok sa iyong tahanan. Gumamit ng vacuum na may HEPA para makuha ang maliliit na bagay. Hugasan nang madalas ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig. Lalo na itong mahalaga pagkatapos mong maglinis ng iyong bahay at bago kumain.





**Protektahan ang iyong sarili sa pamamagitan ng pag-alam kung anong mga produkto ang may pang-apula ng apoy.**

- Tuklasin kung alin ang mga ibinebentang produkto na may ganitong kemikal sa aming webpage tungkol sa mga pang-apula ng apoy.[4]
- Kung gustong-gusto mo ang iyong sofa, suriin ito nang libre at alamin kung aling foam ang maaari mong palitan.[5]

ecology.wa.gov/ToxicsInProducts or ecology.wa.gov/PBDE

SaferProductsWA@ecy.wa.gov

DEPARTMENT OF ECOLOGY
State of Washington